Tunay na ang kabanayaran ay hindi nagiging nasa isang bagay malibang gumagayak ito roon at hindi naaalis ito mula sa isang bagay malibang nagpapapangit ito roon."}

Ayon kay `Ā'ishah (malugod si Allāh sa kanya), na maybahay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Tunay na ang kabanayaran ay hindi nagiging nasa isang bagay malibang gumagayak ito roon at hindi naaalis ito mula sa isang bagay malibang nagpapapangit ito roon."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Naglilinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang kabanayaran, ang kalumanayan, at ang pagpapakahinay-hinay sa pagsasabi at paggawa ay nakadaragdag sa mga bagay-bagay ng karikitan, kalubusan, at kagandahan; at higit na marapat na makaabot ang tagapagtaglay ng mga ito sa pangangailangan niya. Ang kawalan ng kabanayaran ay pumipintas sa mga bagay-bagay, nagpapapangit sa mga ito, at pumipigil sa tagapagtaglay ng mga ito sa pag-abot sa pangangailangan niya. Kung nakaabot man siya nito, kalakip naman ng hirap.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/5796